



*California's protection & advocacy system  
Toll-Free (800) 776-5746*

## Pakete ng Pagdinig ng Pahinga ng Sentrong Pangrehiyon (Regional Center Respite Hearing Packet)

---

*Marso 2018, Pub. #7136.08 - Tagalog*

Tutulungan ka ng mga materyales na ito na maghanda para sa iyong patas na pagdinig ng pahinga ng sentrong pangrehiyon. Ang mga iyon ay para sa mga consumer ng sentrong pangrehiyon na edad 3 at mas matanda. Tinutugunan ng mga materyales ang mga serbisyo ng pahinga ay tinanggihan, tinapos, o binawasan o ang taong kumakatawan sa kanya bilang “ikaw.”

**Seksyon One – Pag-apela ng Desisyon ng Pahinga ng Sentrong Pangrehiyon:** isang step-by-step (sunud-sunod) na gabay sa pag-apela sa mga pagtangga, pagtatapos o pagbabawas ng serbisyo ng pahinga.

**Seksyon Two – Mga apendise:** mga chart at sampol ng mga dokumento.

Umaasa kaming matutuklasan mong nakatutulong ang impormasyong ito. Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan pa ng tulong, kontakin ang intake na linya ng Disability Rights California sa (800) 776-5746 o sa Office of Clients' Rights Advocacy sa (800) 390-7032.

Talaan ng Nilalaman

**SEKSYON ONE: Pag-apela ng Desisyon ng Pahinga ng Sentrong Pangrehiyon:**

<b>Talaan ng Nilalaman .....</b>	<b>2</b>
<b>ANG PROSESO NG IPP .....</b>	<b>4</b>
<b>Kabanata 2 – Ang Sapat na Abiso ng Proseso ng .....</b>	<b>6</b>
Patas na Pagdinig .....	6
Paghahain para sa Patas na Pagdinig .....	7
Pagpapanatili ng Iyong mga Serbisyo ng Pahinga Habang Nag-aapela Ka (“Aid Paid Pending”).....	8
Hindi Pormal na Pulong.....	8
Pamamagitan.....	9
Mga mosyon .....	10
Patas na Padinig .....	11
Pagpapatuloy (Pagpapaliban) .....	11
Pag-atras nang walang Pagtatangi .....	13
Pagsasanib .....	13
Mga interpreter.....	13
Pagkanapupuntahan ng Lokasyon ng Pagdinig .....	13
Pagkuha ng Ibang Judge .....	13
<b>Kabanata 3 – Paghahanda para sa Patas na Pagdinig .....</b>	<b>14</b>
Pagtiyak ng Iyong Legal na Argumento .....	14
Paghahanda ng Iyong Ebidensya.....	15
Pagkolekta ng Nakasulat na Ebidensya (mga Dokumento) .....	15
Paghahanda ng mga Saksi .....	16
<i>Mga karaniwang Saksi</i> .....	17
Palitan ng Listahan ng Saksi at Ebidensya.....	17
<b>Kabanata 4 – Sa panahon at Pagkatapos ng Patas na Pagdinig .....</b>	<b>17</b>
Panimulang Pahayag .....	18
Pagtatanong sa mga Saksi .....	18
Mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon.....	18
Ang Sarili Mong mga Saksi .....	18

Pahayag ng Pagtatapos/Maikling Pangungusap ng Pagdinig .....	19
Pagktapos ng Patas Pagdinig .....	20
<b>SEKSYON 2: Mga apendise.....</b>	<b>21</b>
Apendise A: Flow Chart ng Patas na Pagdinig ng Pahinga .....	21
Apendise B: Sampol ng Kahilingan para Palitan ang Judge .....	24
<b>Deklarasyon ni Jane Doe .....</b>	<b>25</b>
<b>Ina ni John Doe .....</b>	<b>25</b>
Apendise C: Sampol ng Listahan ng mga Saksi at Ebidensya ng Naghahabol.....	26
Apendise D: Sampol ng Maikling Pangungusap ng Pagdinig ng Naghahabol.....	28
Apendise E: Sampol na Form para Bawiin ang Pagdinig (Notification of Resolution Form DS1804).....	42

## **Kabanata 1 – Panimula**

Ang pahinga ay isang serbisyo na nagkakaloob ng pangangalaga sa isang tao para sa mga kliyente ng sentrong pangrehiyon na naninirahan sa bahay ng pamilya. Binibigyan nito ng pahinga ang mga miyembro ng pamilya sa mga responsibilidad sa pangangalaga para sa iyo o panahon na gumawa ng iba pang bagay. Ang pahinga ay pinopondohan ng sentrong pangrehiyon. Maaari itong ibigay sa bahay o sa isang panghaliling inapurbahang kapaligiran.

May bisa sa Enero 1, 2018, walang mga limit sa halaga ng pahinga na maaari mong matanggap, kaya maaari kang maging karapat-dapat sa mas marami pang oras kaysa natatanggap mo ngayon. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang direktiba ng programa sa mga sentrong pangrehiyon hinggil sa pagpapawalang-bisa ng mga paghihigpit sa pahinga ayon sa Welfare and Institutions Code seksyon 4686.5, nakalaan sa Ingles at Spanish dito: <https://www.dds.ca.gov/SupportSvcs/Respite.cfm> . Ang iyong pangangailangan ay tinatalakay sa iyong pulong sa Individual Program Plan (IPP).

Sa aming karanasan, ang mga kliyente at kanilang mga pamilya ng sentrong pangrehiyon ay kadalasang tinatanggi ang halaga at uri ng pahinga na kailangan nila. Bilang halimbawa, ang mga serbisyo ng pahinga ay maaaring kailanganing isama ang pag-uugali o pahinga sa pangangalaga. Ilalarawan ng pakete na ito ang mga responsibilidad ng mga sentrong pangrehiyon para magkaloob ng mga serbisyo ng pahinga at kung paanong iapela ang pagtanggap, pagtatapos, o pagbabawas ng pahinga.

### **ANG PROSESO NG IPP**

Gaya sa lahat ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon, ang pahinga ay inaawtorisahan sa buong proseso ng Individual Program Plan (IPP).

Kailangang nakahanda ka para idokumento ang iyong pangangailangan para pahinga sa pulong sa IPP. Ang isang kahirapan sa pagpapakita sa pangangailangan para sa pahinga ay magkakaiba ang mga pangangailangan at dahilan ng bawat isa para sa pahinga. Ang pangangailangan ay maaaring maging pangunahing dulot ng kalikasan at kalalaan ng iyong kapansanan, mga pag-uugali, o mga kinakailangang medikal. O, maaaring ito ay dulot ng iba pang pangangailangan ng pamilya. Bilang halimbawa, isa man itong nag-iisang magulang na pamilya, ang kalusugan ng (mga) magulang, ang dami ng ibang anak sa

pamilya na nangangailangan ng pangangalaga, trabaho, at iba pang hinihingi. Kadalasan ay kumbinasyon ng mga dahilan ang magpapasya sa dami ng kinakailangang pahinga.

Kadalasang ginagamit ng mga sentrong pangrehiyon ang “purchase of service” o mga alituntunin ng POS para pagpasyahan ang dami ng pahinga na maaari mong makuha. Ang mga alituntunin ay ginagamit ng mga coordinator ng serbisyo ng sentrong pangrehiyon para malaman kung gaanong karaming pahinga ang karaniwang nakukuha ng mga tao.

Gayunman, ang mga alituntunin ay hindi maaaring gamitin para pagpasyahan ang aktuwal na dami ng pahinga na makukuha *mo*. Sinasabi ng Lanterman Act na ang mga serbisyo ay dapat maiakma sa mga pangangailangan ng bawat indibidwal. Dapat ay mayroon ding mga eksepsyon ang mga alituntunin ng POS sa mga halaga ng karaniwang serbisyo. Dapat isaalang-alang ng koponan ng IPP ang mga kalagayan at pangangailangan ng iyong pamilya bago sila magpasya kung gaanong karaming oras ng pahinga ang makukuha mo. Maaari mong hilingan ang iyong sentrong pangrehiyon para sa isang kopya ng mga alituntunin nito kabilang ang mga eksepsyon o maaaring ang mga ito ay nasa website ng sentrong pangrehiyon. Maaari mong hilingan ang iyong sentrong pangrehiyon para sa eksepsyon.

Kung ang iyong kahilingan para sa pahinga ay hindi karaniwan, talakayin muna ito sa coordinator ng serbisyo ng iyong sentrong pangrehiyon at hilingan siya na imbitahin ang mga kinakailangang tao sa pulong. Inuutos ng batas na ang isang “tagapagpasya” ay dumalo sa pulong ng IPP - isang tao mula sa sentrong pangrehiyon na may kapangyarihan na magsalita ng oo o hindi sa iyong kahilingan. Kung hindi kayo magkakasundo sa pulong, sinasabi ng batas na dapat mag-schedule ang sentrong pangrehiyon ng pangalawang pulong sa loob nang **15 araw, kung hihilingin mo ito o napagkasunduan ito ng koponan sa pagpapalano**. Muli, dapat mayroong isang tao ang sentrong pangrehiyon sa pulong na may kapangyarihan na sumang-ayon sa iyong kahilingan. Makatutulong ito kapag nag-schedule ka ng iyong pulong para hilingin na pumunta sa pulong ang isang tagapagpasya.

Kung sasang-ayon ang koponan ng IPP sa mga serbisyo ng pahinga, dapat mong lagdaan ang dokumento ng IPP bago magsimula ang mga serbisyo ng pahinga. Kung sasang-ayon ka sa ilang bagay ngunit hindi sa iba, isulat sa IPP kung aling mga serbisyo ang sumasang-ayon ka at kung alin ang hindi. Pagkatapos ay lagdaan ang IPP para ang mga napagkasunduang serbisyo ay magkabisa.

Pumunta sa pulong nang nakahanda para ipaliwanag ang lahat ng dahilan na kailangan mo dami ng mga oras ng pahinga na hinihiling mo. Ang pahinga, kasama ng lahat ng iba pang serbisyo ng sentrong pangrehiyon, ay mga karapatan. Nangangahulugan iyon na hindi maaaring tanggihan ng sentrong pangrehiyon ang mga serbisyo ng pahinga na kailangan mo dahil kakaunti na ang pera nito o dahil itinuturing nito na mas mahalaga ang iba pang serbisyo. Hindi ibig sabihin niyon na makukuha mo ang mga serbisyo ng pahinga na gusto mo. Gayunman, ikaw, ay karapat-dapat na makuha ang mga serbisyo ng pahinga na mapatutunayan mong kailangan mo. Subukang patunayan ang iyong pangangailangan sa pahinga sa isang pulong sa IPP sa pamamagitan ng pagpapaliwanag nang malinaw ang iyong pangangailangan. Maaari mong gamitin ang mga halimbawa kung bakit mo kailangan ng pahinga at magdala ng mga sulat, dokumento, at iba pang tao na makatutulong na pagtibayin ang iyong pangangailangang pahinga.

Maaari kang humiling para sa isang patas na pagdinig kung hindi ka sasang-ayon sa isang pagtanggap, pagtatapos, o pagbabawas ng pahinga na sa palagay mo ay kailangan mo mula sa sentrong pangrehiyon. Ang patas na pagdinig ay hindi kapareho gaya nang sa korte, ngunit mahalaga na nakahanda ka. Ang mga patas na pagdinig ay karaniwang ginagawa sa loob ng silid sa o malapit sa sentrong pangrehiyon. Ang judge ay tinatawag na “administrative law judge” o “ALJ.”

## **Kabanata 2 – Ang Sapat na Abiso ng Proseso ng**

### **Patas na Pagdinig**

Kung gustong tanggihan, bawasan, o tapusin ng sentrong pangrehiyon ang mga serbisyo ng pahinga, dapat magtakda ng pulong ang sentrong pangrehiyon sa IPP. May karapatan kang makakuha ng nakasulat na notice of action (NOA) kung sasabihing “hindi” ng sentrong pangrehiyon sa kung ano ang gusto mo. Kung tatanggihan ng sentrong pangrehiyon na igawad sa iyo ang dami ng mga oras na pinaniniwalaan mong kailangan mo, karapat-dapat kang makatanggap ng nakasulat na NOA **sa loob nang 5 araw** ng pulong. Ipinapaliwanag ng NOA kung bakit itinatanggi ng sentrong pangrehiyon ang mga serbisyo ng pahinga na gusto mo, kung paanong humiling ng isang patas na pagdinig, ang mga hakbang ng pagdinig, at mga deadline. Paminsan-minsan ay hindi sinasabi sa iyo ng mga sentrong pangrehiyon at ng iyong kinatawan tungkol sa karapatan sa isang NOA at proseso ng apela. Maaaring kailanganin mong humiling para sa isang nakasulat na NOA kung hindi nakapagbigay ng isa ang sentrong pangrehiyon.

Para maging sapat ang NOA, dapat nitong sabihin sa iyo kung anu-ano ang pinaplano ng sentrong pangrehiyon at kung anong mga batas ang nagpapahintulot sa kanila para gawin ito. Tutulungan ka rin ng impormasyon na ito na magpasyang mag-apela at para maghanda para sa patas na pagdinig. Dapat sabihin ng NOA na:

- Kung ano ang gagawin ng sentrong pangrehiyon;
- Kung bakit ito ginagawa ng sentrong pangrehiyon;
- Kung kailan ito gagawin ng sentrong pangrehiyon;
- Ang batas, tuntunin, o patakaran na nagpapahintulot sa kanila na gawin ito;
- Kung paano at saan maghahain ng apela;
- Ang mga deadline sa paghain ng apela;
- Impormasyon tungkol sa kung ano ang mangyayari sa proseso ng apela;
- Kung paanong repasuhin ang iyong mga rekord ng sentrong pangrehiyon, at
- Kung saan makakukuha ng tulong sa adbokasiya.

Sa sandaling makuha mo ang NOA, kailangan mong magpasya kung maghahain ka ng apela o hindi para subukang makuha ang mga serbisyo ng pahinga na kailangan mo.

### **Paghahain para sa Patas na Pagdinig**

Mayroon ka lamang **30 araw** para humiling ng patas na pagdinig, simula sa petsa nang natanggap mo ang nakasulat na NOA ng desisyon o aksyon kung saan ay hindi ka sumasang-ayon. Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng pahinga ngunit gustong bawasan o tapusin ng sentrong pangrehiyon ang iyong mga oras, dapat mong ihain ang apela **sa loob nang 10 araw** ng petsa nang natanggap mo ang iyong NOA. Sa paggawa nito, magpapatuloy ang mga oras ng iyong pahinga sa panahon ng proseso ng apela.

Kung makaligtaan mo ang 30 araw na panahon na limit dahil hindi ka nakatanggap ng sapat na NOA, o hindi talaga nakatanggap ng NOA, dapat kang kaagad na humiling ng patas na pagdinig. Kung tatanggihan, babawasan o tatapusin ng sentrong pangrehiyon ang iyong pahinga nang hindi ka binibigyan ng abiso, maaari ka pa rin mag-apela - hindi mo kailangan ng NOA upang makapag-apela.

Para humiling ng patas na pagdinig, punan ang Fair Hearing Request Form na ipinadala sa iyo ng sentrong pangrehiyon kasama ng iyong NOA, na matatagpuan rin sa: <http://www.dds.ca.gov/Forms/FairHearing/DS1805.pdf>. Kung hindi mo ma-access ang form sa online, mangyaring kontakin kami. Isumite ang iyong kahilingan ng patas na pagdinig sa sentrong pangrehiyon at magtabi ng kopya para sa iyong sarili. Ibibigay ng sentrong pangrehiyon ang iyong kahilingan sa The Office of Administrative Hearings (OAH), na siyang ahensya ng estado na nangangasiwa ng mga pagdinig ng sentrong pangrehiyon. Hindi tumatanggap ang OAH ng mga dokumento sa pamamagitan ng fax. Maaari kang mag-mail ng mga dokumento sa OAH o kontakin ang OAH para sa ibayong impormasyon sa kung paanong magpadala ng mga dokumento nang elektroniko. May higit pang impormasyon sa kung paanong magpadala ng mga dokumento nang elektroniko sa website ng OAH:

<https://www.dgs.ca.gov/OAH/Services/Page-Content/Office-of-Administrative-Hearings-Services-List-Folder/OAH-Secure-e-File-Information> .

### **Pagpapanatili ng Iyong mga Serbisyo ng Pahinga Habang Nag-aapela Ka (“Aid Paid Pending”)**

Kung susubukang baguhin ng sentrong pangrehiyon ang mga serbisyo ng pahinga na nakukuha mo na, may karapatan kang panatilihing hindi nagbabago ang iyong mga serbisyo ng pahinga habang nag-aapela ka. Dapat kang mag-apela **sa loob nang 10 araw** sa petsa nang natanggap mo ang iyong NOA para mapanatili mong hindi nagbabago ang iyong mga serbisyo ng pahinga. Tinatawag itong “aid paid pending.”

### **Hindi Pormal na Pulong**

Kapag inihain mo ang Fair Hearing Request Form, maaari kang humiling ng hindi pormal na pulong at/o isang pamamagitan bago ang pagdinig. Ang hindi pormal na pulong ay ang unang hakbang sa proseso ng pagdinig. Ito’y isang pulong sa pagitan mo (at ng iyong kinatawan, kung mayroon kang isa) at isang administrador ng sentrong pangrehiyon. Ang layunin ay para maresolba ang isyu. Ito ang iyong pagkakataon na makipagkita sa sentrong pangrehiyon at hikayatin sila na ibigay sa iyo ang serbisyo ng pahinga na kailangan mo. Hindi mo kailangang magkaroon ng hindi pormal na pulong. Kung hihiling ka ng hindi pormal na pulong, dapat magkaloob ang sentrong pangrehiyon nang isa sa loob nang 10 araw ng pagkakatanggap ng iyong kahilingan ng patas na pagdinig, maliban lang kung sumang-ayon ka sa isa pang petsa. Kasama sa Apendise A ang Flow Chart ng Patas na Pagdinig ng Pahinga.



**Sa loob nang 5 araw na may trabaho pagkatapos ng** hindi pormal na pulong, dapat magpadala ang sentrong pangrehiyon ng nakasulat na desisyon. Dapat ilista sa nakasulat na desisyon ang mga isyung tinalakay sa pulong. Dapat ipahiwatig sa desisyon ang desisyon ng sentrong pangrehiyon sa bawat isyu, ang mga katotohanan na sumusuporta sa bawat desisyon, at ang mga batas, regulasyon at patakaran na ginamit ng sentrong pangrehiyon para magpasya.

Kung sasaang-ayon ka sa desisyon ng sentrong pangrehiyon pagkatapos ng inyong hindi pormal na pulong, maaari mong iatras ang iyong kahilingan ng patas na pagdinig. Gawin ito sa pamamagitan ng pagpuno sa form ng “Notification of Resolution” na ibinibigay ng sentrong pangrehiyon, kung saan ay matatagpuan din sa:

<http://www.dds.ca.gov/Forms/FairHearing/DS1804.pdf>. Magkakabisa ang desisyon sa 10 araw pagkatapos matanggap ng sentrong pangrehiyon ang form ng “Notification of Resolution”. Kung hindi mo ma-access ang form sa online, mangyaring kontakin kami.

Kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng sentrong pangrehiyon pagkatapos ng inyong hindi pormal na pulong, maaari mong ipagpatuloy ang nakatakdang pamamagitan o isang patas na pagdinig. Hindi mo kailangang tanggapin ang desisyon ng sentrong pangrehiyon.

### **Pamamagitan**

Kung hindi ka sasang-ayon sa hindi pormal na desisyon ng sentrong pangrehiyon, ang susunod na hakbang ay pamamagitan, kung sasang-ayon ang parehong partido. Boluntaryo ang pamamagitan, na nangangahulugan na ikaw o ang sentrong pangrehiyon ay maaaring laktawan ang pamamagitan at dumiretso sa patas na pagdinig. Sa sandaling matanggap ang nakasulat na kahilingan para sa pamamagitan, mayroong **5 araw na may trabaho** ang sentrong pangrehiyon para tanggapin o tanggihan ang pamamagitan. Kung tatanggihan ng sentrong pangrehiyon ang pamamagitan, dapat nilang kaagad sabihin sa iyo. Marami sa sentrong pangrehiyon ay hindi sumasang-ayong mamagitan. Kung hihiling ka para sa isang pamamagitan at sinabing hindi ng sentrong pangrehiyon, ang susunod na hakbang ay isang patas na pagdinig.

Ang pamamagitan ay isang pulong kung saan ang malaya, sinanay na tagapamagitan mula sa Office of Administrative Hearings (OAH) ay nakikipagpulong sa iyo at isang kinatawan ng sentrong pangrehiyon. Nagaganap ito **sa loob nang 30 araw** sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon sa iyong kahilingan para sa patas na pagdinig. Kung gusto

mo pa nang higit pang panahon, dapat itong maaprobahan ng OAH. Susubukan ng tagapamagitan na makahanap ng mapagkakasunduan at ng mga bagong solusyon. Paminsan-minsan ang tagapamagitan ay maaaring makipagtagpo sa bawat partido nang magkahiwalay para maresolba ang isyu. Walang kapangyarihan ang tagapamagitan para puwersahin ang kasunduan. Kung hahantong kayo sa kasunduan, lalagda ka sa isang dokumento ng kasunduan at titigil ang proseso ng apela. Kung hindi kayo magkakasundo, pupunta kayo sa patas na pagdinig.

Ang pamamagitan ay isang mahalagang hakbang at hinihimok namin ang mga pamilya na dumalo sa pamamagitan bago pumunta sa pagdinig. Kadalasang magandang itong ideya dahil binibigyan ka nito at ang sentrong pangrehiyon ng isa pang pagkakataon na magkasundo. Gayunman, kailangan nito nang ilang panahon. Maging handang makipagkompromiso at mag-isip nang malikhain tungkol sa kung paano mong maaaring resolbahin ang sitwasyon. Bilang halimbawa, kung kailangan mo nang maraming pahinga sa ilang buwan kaysa sa iba, maaari kang bigyan ng sentrong pangrehiyon ng isang bloke ng mga oras ng pahinga sa 6 na buwan na maaari mong gamitin kung kinakailangan.

Kung hindi kayo magkakasundo sa pamamagitan, ang anumang handog ng kompromiso ay mananatiling kumpidensyal at hindi mo maaaring magamit o ng sentrong pangrehiyon laban sa kabilang partido sa bandang huli sa patas na pagdinig.

Kahit na hindi umubra ang pamamagitan, magkakaroon ka ng marami pang impormasyon tungkol sa kaso ng sentrong pangrehiyon. Ang impormasyong iyon ay makatutulong sa iyo na maghanda para sa iyong patas na pagdinig. Kung sa palagay mo'y walang pag-asa para sa isang kasunduan, maaari kang magpasyang HINDI mapamagitan. Tinatawag itong "waiving mediation." Ngunit, marami sa tao na ang palagay ay walang pag-asa para sa isang kasunduan na magkasundo sa pamamagitan. Kung ikaw o ang sentrong pangrehiyon ay iwe-waive ang pamamagitan, siguraduhin na nakahanda ka para sa iyong patas na pagdinig. Maaaring maitakda ang iyong pagdinig sa lalong mas madaling panahon kung hindi ka muna dadaan sa pamamagitan.

### **Mga mosyon**

Ang mosyon ay isang kahilingan para sa isang judge sa Office of Administrative Hearings para pagpasyahan ang isang bagay bago sa patas na pagdinig. Kasama sa mga halimbawa ng mosyon ay mga mosyon para sa aid paid pending, dahil maaaring hindi nagawa ng sentrong pangrehiyon na patuloy na makapagbigay ng mga serbisyo, isang mosyon para

ipagpaliban ang petsa ng pagdinig, o mga mosyon tungkol sa mga subpoena. Maaari kang maghain ng mga mosyon. Maaari ring maghain ang sentrong pangrehiyon ng mga mosyon.

Ang ilang sentrong pangrehiyon ay nakapaghain ng mga mosyon para maipawalang-saysay ang isang kaso. Ang mosyon para maipawalang-saysay ay hinihilingan ang ALJ na huwag payagan ang pagdinig dahil wala kang karapatan sa isang patas na pagdinig. Ang uri ng mosyon na ito ay bihira. Konra din ito sa batas, na ginagarantiya ang iyong karapatan sa isang patas na pagdinig. Ang eksepsyon ay kapag walang tunay na isyu, bilang halimbawa, kung sinabi ng batas na wala nang sinuman ang magiging karapat-dapat para sa ilang serbisyo, sa ano't ano man ang kanilang mga pangangailangan.

### **Patas na Padinig**

Ang huling hakbang sa proseso ng apela ay ang patas na pagdinig. Nagaganap ito **sa loob nang 50 araw** ng iyong kahilingan ng patas na pagdinig maliban lang kung hihiling ka o ang sentrong pangrehiyon para sa isang pagpapatuloy (pagpapaliban) para sa magandang dahilan. Ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat ipadala sa bawat isa ang inyong ebidensya at isang listahan ng mga saksi sa **5 araw ng kalendaryo bago** sa iyong patas na pagdinig. Idinaraos ang patas na pagdinig sa harap ng Administrative Law Judge (ALJ) mula sa Office of Administrative Hearings (OAH). Sa patas na pagdinig, kailangan munang iprisinta ng sentrong pangrehiyon ang kaso nito. Magpapalabas ang ALJ ng nakasulat na desisyon nang mga 10 araw pagkatapos ng patas na pagdinig.

### **Pagpapatuloy (Pagpapaliban)**

Alinman sa iyo o sa sentrong pangrehiyon ang maaaring hilingan ang OAH para sa isang pagpapatuloy ng pamamagitan o petsa ng patas na pagdinig. Dapat ay mayroon kang “magandang dahilan” para ibigay sa iyo ng OAH ang iyong kahilingan. Ang ibig sabihin ng “magandang dahilan” ay isang magandang katwiran. Ang “magandang dahilan” ay maaaring maging hindi available ang isang mahalagang saksi sa petsa ng patas na pagdinig, isang karamdaman, emergency, o kamatayan ng isang malapit na kamag-anak.

Para ipagpaliban ang petsa ng patas na pagdinig, maghain ka ng “Motion for Continuance of Hearing and Waiver of Time.” Narito ang link sa form ng mosyon: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Forms/Page-Content/DDS-Forms>. Kung hindi mo ma-access ang form sa online, mangyaring kontakin kami.

Ang form ay may espasyo kung saan mo kailangang ipaliwanag ang dahilan na kailangan mong ipagpatuloy ang patas na pagdinig. Maaari ka rin maglakip ng anumang dokumento na sinusuportahan ang iyong pangangailangan para sa isang pagpapatuloy.

Sasabihin sa iyo ng form na tawagan ang kinatawan ng sentrong pangrehiyon at tanungin kung sumasang-ayon siya na ipagpatuloy ang patas na pagdinig. Sa espasyong nakalaan sa form, isulat ang pangalan at numero ng telepono ng tao ng sentrong pangrehiyon kung sino ang nakausap mo. Ipahiwatig sa form kung sumang-ayon o hindi ang tao o tinutulan ang pagpapatuloy.

Ikaw o ang iyong kinatawan ay dapat lagdaan ang seksyong pinamagatang, “Waiver of the Time Set by Law for Lanterman Act Fair Hearing and Decision.” Para magawaran ng pagpapatuloy, dapat kang sumang-ayon na “ma-waive” ang mga deadline ng pagdinig. Nangangahulugan ito na sumasang-ayon ka na mangyayari ang patas na pagdinig nang mas huli sa 50 araw pagkatapos matanggap ng sentrong pangrehiyon ang iyong kahilingan ng patas na pagdinig.

Ipadala ang nakumpletong form ng pagpapatuloy sa OAH. Hindi tumatanggap ang OAH ng mga dokumento sa pamamagitan ng fax. Maaari kang mag-mail ng mga dokumento sa OAH o kontakin ang OAH para sa ibayong impormasyon sa kung paanong magpadala ng mga dokumento nang elektroniko. Maaari ka rin makahanap ng impormasyon sa kung paanong magpadala ng mga dokumento nang elektroniko sa website ng OAH: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Services/Page-Content/Office-of-Administrative-Hearings-Services-List-Folder/OAH-Secure-e-File-Information>.

Kung wala kang sapat na panahon para magpadala ng nakasulat na mosyon para sa pagpapatuloy, maaari mong subukang tawagan ang OAH at humiling para sa isang pagpapatuloy sa telepono. Pagkatapos mong ilipat na maipagpatuloy ang patas na pagdinig, maaari mong tingnan ang website ng OAH para malaman kung naibigay man o hindi ang mosyon. Kakailanganin mong ipasok ang iyong OAH case number para maisagawa ang paghahanap sa website na nakalista sa ibaba: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Resources/Page-Content/General-Jurisdiction-Resources-List-Folder/Continuance-Ruling-Search>

### **Pag-atras nang walang Pagtatangi**

Kung tinanggihan ang iyong hiling na ipagpatuloy/ipagpaliban ang petsa ng iyong pagdinig, o hindi ka nakahandang pumunta sa patas na pagdinig, maaari kang humiling na umatras sa patas na pagdinig “nang walang pagtatangi.” Nangangahulugan ito na kung aatras ka sa patas na pagdinig, hindi nito maaapektuhan ang iyong karapatan na iapela ang isyu na ito pagkatapos. Mas mainam na umatras nang walang pagtatangi kaysa sa pumunta sa pagdinig nang hindi nakahanda. Hinihilingan ka ng OAH na punan ang form ng Notification of Resolution. Narito ang link sa form: <http://www.dds.ca.gov/Forms/FairHearing/DS1804.pdf>. Kung hindi mo ma-access ang form sa online, mangyaring kontakin kami. Tingnan ang apendise E para sa sampol ng sulat para umatras nang walang pagtatangi.

### **Pagsasanib**

Ang pagsasanib ay kapag ang dalawa o higit pa sa mga kaso ng iyong pahinga ay dinidinig nang magkakasabay ng parehong ALJ. Maaari kang humiling para sa pagsasanib. Maaari ring pagsanibin ng OAH ang mga kaso ng iyong pahinga. Kung hindi ka sasang-ayon, maaari kang magsabi ng “hindi.” Magpapasya ang ALJ kung pagsasanibin man o hindi ang mga kaso ng iyong pahinga batay sa batas at mga kalagayan ng mga kaso.

### **Mga interpreter**

Kung isa kang saksi na nangangailangan ng interpreter, kontakin kaagad ang OAH. Maaari mo ring sabihin na kailangan mo ng interpreter sa iyong form ng kahilingan ng patas na pagdinig. Magbibigay ang OAH ng sertipikadong interpreter nang walang gastos.

### **Pagkanapupuntahan ng Lokasyon ng Pagdinig**

Karamihan sa patas na pagdinig ay ginagawa sa sentrong pangrehiyon. Ang mga lokasyon ng pagdinig ay dapat napupuntahan ng mga taong may kapansanan. Alamin sa OAH nang maaga para makasiguro na napupuntahan ang lokasyon. Kung kinakailangan ng isang tao ng makatwirang akomodasyon para dumalo sa patas na pagdinig, kontakin ang OAH sa madaling panahon para makagawa sila ng mga pag-aayos.

### **Pagkuha ng Ibang Judge**

Pag-aralan ang tungkol sa iyong judge (ALJ) bago sa patas na pagdinig. Maaaring makakuha ng ibang ALJ kung ang isang naitalaga sa iyo ay may kasaysayan ng pagkiling o pagtaatangi. Gawin mo ito sa pamamagitan ng

paghain ng mosyon para tanggihan (alisin) ang ALJ. Ang sampol ng mosyon para gawin ang kahilingang ito ay kasama sa Apendise B.

Para malaman ang impormasyon tungkol sa itinalagang ALJ sa iyong kaso, tingnan ang website ng OAH sa:

<https://www.applications.dgs.ca.gov/OAH/OAHCalendarWeb/GeneralJurisdiction> (pangkalahatang kalendaryo ng nasasakupang hurisdiksyon) at ipasok ang iyong case number. Itatalaga ang ALJ malapit sa petsa ng patas na pagdinig. Pagkatapos ay pumunta sa:

<https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Resources/DDS-Decisions> at ipasok ang pangalan ng ALJ.

Makikita mo ang isang listahan ng mga kaso na napagpasyahan ng ALJ. Basahin ang ilang kaso para malaman kung gusto mo ang ALJ na ito na magpasya ng iyong kaso. Kung hindi, maghain ng mosyon para tanggihan ang ALJ at ipadala ito sa OAH kasama ng impormasyon ng iyong kontak. Kung hindi ka makabalita sa OAH, tawagan sila bago sa patas na pagdinig upang malaman kung ipinagkaloob man o hindi ang iyong kahilingan. Karaniwan, ang kahilingan ay ipinagkakaloob.

### **Kabanata 3 – Paghahanda para sa Patas na Pagdinig**

#### **Pagtiyak ng Iyong Legal na Argumento**

Ang iyong legal na argumento ay ang batas at ang mga katotohanan na inaasahan mo para ipakita na karapat-dapat ka para sa bilang ng mga oras ng serbisyo ng pahinga na hinihiling mo. Para ihanda ang iyong legal na argumento

- Repasuhin ang batas na sinusupportahan ang iyong posisyon. Ang ilan sa batas ay matatagpuan sa Apendise D: Maikling Sampol ng Maikling Pangungusap ng Pagdinig ng Naghahabol, sa pahina 36 sa ilalim ng heading IV. NAAANGKOP NA BATAS.
- Maghanap at basahin ang mga dating desisyon ng Patas na Pagdinig sa sumusunod na link: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Resources/DDS-Decisions>. Hanapin sa keyword na “pahinga” para maghanap sa mga kaso sa isyu na iyon.

Maaaring sabihin ng sentrong pangrehiyon na hindi ka makakukuha ng mga serbisyo ng pahinga dahil mayroon kang mga oras ng pangangalaga o In-Home Supportive Services (IHSS). Gayunman, iyon ay hindi kinakailangang totoo. Ang mga oras ng serbisyo na ito ay maaari lamang ituring na pahinga kung natutugunan nito ang lahat ng iyong pangangailangang pahinga. Ang pahinga na makukuha mo ay maaaring hindi mabawasan dahil mayroon kang mga oras ng pangangalaga o IHSS.

Ang pangangaaga at IHSS ay magkakaibang serbisyo at nagagampanan nila ang magkakaibang bagay.

### **Paghahanda ng Iyong Ebidensya**

Ang ebidensya ay ang mga katotohanan na sumusupota sa iyong paghahabol tungkol sa iyong mga serbisyo ng pahinga. Maaaring kasama sa ebidensya ang mga dokumento at testimonya ng mga saksi. Gumamit lamang ng ebidensya na nauugnay. Nauugnay ang ebidensya kung makatutulong ito na mapatunayan na ikaw ay karapat-dapat para sa pahinga na tinanggihan, binawasan o inalis ng sentrong pangrehiyon.

### **Pagkolekta ng Nakasulat na Ebidensya (mga Dokumento)**

Tipunin ang anumang nakasulat na ebidensya na sinusupportahan ang iyong legal na argumento. Kasama sa ilang halimbawa ng ebidensya:

- Ang paglalarawan ng serbisyo ng pahinga;
- Ang iyong IPP na inilalarawan ang mga layunin ng serbisyo ng pahinga;
- Mga ulat o pagtatasa na sinusupportahan ang pangangailaangan para sa pahinga;
- Mga ulat ng progreso mula sa provider ng serbisyo ng pahinga.
- Mga deklarasyon mula sa mga kawani o iba pang tao tungkol sa serbisyo ng pahinga;
- Mga nakaraang kahilingan para sa pahinga; at
- Anumang dokumento na sinusupportahan ang iyong pangangailaangan para sa pahinga.

Maaari kang humingi ng mga rekord sa mga paaralan, health provider, at mga ahensya ng gobyerno na maaaring may nakatutulong na impormasyon. Huwag maghintay na humiling ng mga rekord. Ang pagkalap ng mga dokumentong ito ay kadalasang mas tumatagal kaysa sa palagay mo.

Maaari mong hilingan ang mga tao na nakakikila sa iyo na sumulat ng mga liham o deklarasyon. Maaaring magbigay nang mas may timbang ang ALJ sa impormasyon mula sa isang tao na nasa patas na pagdinig bilang isang saksi kaysa sa isang tao na nagsulat ng liham o deklarasyon.

Mayroon kang karapatan na makita ang anumang rekord sa file ng iyong sentrong pangrehiyon, kabilang ang mga rekord na nakuha ng sentrong pangrehiyon mula sa mga ahensya sa labas o indibidwal. Dapat kang bigyan ng access ng sentrong pangrehiyon sa iyong mga rekord **sa loob**

**nang 3 araw na may trabaho** pagkatapos mong hilingin na makita ang mga ito. Dapat ka rin tulungan ng sentrong pangrehiyon na maunawaan ang iyong mga rekord. Kung ang file ng sentrong pangrehiyon ay naglalaman ng mga dokumento na makatutulong mapatunayan ang iyong kaso, isama ang mga iyon sa iyong ebidensya. Huwag ipapalagay na makukuha ng ALJ ang mga ito dahil nasa sentrong pangrehiyon ang mga ito. Tinitingnan lamang ng ALJ ang mga dokumento na isinumite mo at ng sentrong pangrehiyon bilang ebidensya.

Tumingin sa mga patakaran, alituntunin at mga eksepsyon para sa pahinga ng Purchase of Service (POS) ng sentrong pangrehiyon. Ang mga ito ay maaaring nakapaskil sa website ng iyong sentrong pangrehiyon o maaari mong tawagan ang sentrong pangrehiyon at humingi para sa isang kopya. Kung nakatutulong ang mga alituntunin sa iyong kaso, isama ang mga ito sa iyong ebidensya.

Mag-subpoena ng ahensya para magbigay ng mga rekord para sa iyong patas na pagdinig. Ang “subpoena duces tecum” ay pinupuwera ang isang ahensya na dalhin ang mga rekord na mayroon sila at beripikahin sa ALJ na ang mga dokumento o rekord ay hindi naiba. Maaari mong hilingan ang ahensya na gawin ito sa pamamagitan ng nakasulat na deklarasyon o sa pamamagitan ng binibigkas na testimonya. Ang form ng subpoena para sa mga patas na pagdinig ng sentrong pangrehiyon ay matatagpuan dito:

<https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Resources/Page-Content/General-Jurisdiction-Resources-List-Folder/Subpoena-Resources> .Kung hindi mo ma-access ang form sa online, mangyaring kontakin kami.

### **Paghahanda ng mga Saksi**

Ang testimonya ng isang saksi ay isa ring uri ng ebidensya. Ang mga saksi ay kailangang mai-subpoenae kung hindi sila sasang-ayon na tumestigo at ang kanilang testimonya ay nakatutulong sa iyong kaso. Ang subpoena ay isang legal na kautusan na pinupuwera silang dumalo sa patas na pagdinig para tumestigo. Mag-subpoena ng mga saksi at hilingan ang mga saksi na tumestigo sa sandaling makakuha ka ng petsa ng patas na pagdinig para maging available ang mga tao. Kung hindi mo ma-access ang form sa online, mangyaring kontakin kami.

Isipin ang tungkol sa kung ano ang gusto mong malaman ng ALJ mula sa testimonya ng iyong saksi. Magsulat ng mga katanungan para sa iyong mga saksi nang maaga. Repasuhin ang mga katanungang ito kasama ng mga saksi para siguraduhin na nauunawaan nila kung ano ang tinatanong mo. Paminsan-minsan kinakailangang sabihin sa ibang paraan ang



katanungan para nauunawaan ng saksi. Kung nababatid mong hindi nakatutulong sa iyo ang kanilang sagot, kung gayon ay huwag itanong ang katanungan sa patas na pagdinig.

At saka ihanda ang iyong sarili na tumestigo, yayamang ikaw ang pinakamainam na saksi para sa iyong sarili o iyong anak. Maging handang pag-usapan ang tungkol sa kung bakit mo kailangan ang mga serbisyo ng pahinga. Sabihin kung bakit hindi naging matagumpay ang ibang serbisyo o hindi nakalaan. Magbigay ng mga nakatutulong na halimbawa kung bakit mo kailangan ang serbisyo ng pahinga.

#### *Mga karaniwang Saksi*

Ang mga karaniwang saksi (hindi mga eksperto) ay maaaring pataasin ang kaso na iyong ipiniprisinta. Ang mga karaniwang saksi ay maaaring tumestigo tungkol sa mga katotohanan na alam nila tungkol sa iyo, kaya isipin kung sino ang pinakanakakikilala sa iyo. Ang mga miyembro ng pamilya ang kadalasang magandang pagpilian, bilang mga kasalukuyan o dating provider, mga kapitbahay, at mga provider ng serbisyo. Pumili ng mga karaniwang saksi na magmumukhang totoo at walang kinikilingan sa ALJ. Ang mga karaniwang saksi ang maaaring mayroong praktikal, down-to-earth na impormasyon at mga kuwento na tanging lubos na nakakikilala sa iyo ang maaaring magbigay.

#### **Palitan ng Listahan ng Saksi at Ebidensya**

Hindi bababa sa **5 araw ng kalendaryo bago** sa patas na pagdinig, ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat magpalitan ng mga listahan ng posibleng mga saksi at mga kopya ng mga dokumentasyon na plano ng bawat-isa na gamiting ebidensya sa pagdinig. Nangangahulugan iyon na ikaw at ang sentrong pangrehiyon ay dapat matanggap ang ebidensya ng bawat isa at listahan ng mga saksi sa **5 araw ng kalendaryo bago** sa patas na pagdinig. Dapat kasama sa listahan ng mga saksi ang maikling pahayag na sinasabi kung ano ang itetestigo ng bawat saksi. Ang Sampol ng Listahan ng Saksi at Ebidensya ay kasama sa Apendise C. Maaaring pigilan ka o ang sentrong pangrehiyon ng ALJ sa paghaharap ng mga dokumento at saksing hindi naibigay sa bawat-isa sa 5 araw ng kalendaryo bago sa patas na pagdinig. Sa araw ng patas na pagdinig, magdala ng tatlong kopya ng mga dokumentong ito: isa para sa iyo; isa para sa ALJ; at isa para sa mga saksi para matingnan kapag tumestigo sila.

#### **Kabanata 4 – Sa panahon at Pagkatapos ng Patas na Pagdinig**

Dumating sa patas na pagdinig nang may maraming oras na mailalaan. Ang patas na pagdinig ay maaaring maging isang mahabang proseso,

kaya magdala ng tubig at merienda. Magdala ng panulat at papel para magsulat sa panahon ng patas na pagdinig.

### **Panimulang Pahayag**

Magbigay ng panimulang pahayag. Hindi kinakailangan ang panimulang pahayag, ngunit nakatutulong itong ipaliwanag sa ALJ kung ano ang tungkol sa pagdinig. Dapat ilarawan sa iyong panimulang pahayag ang serbisyo ng pahinga na hinihingi mo at kung bakit. Dapat kasama nito ang batas na sumusuporta sa iyong kahilingan. Ilarawan ang iyong sarili o ang iyong anak sa ALJ, ipaunawa kung ano ang kinakailangan mo o ng iyong anak. Ang iyong panimulang pahayag ay dapat maging isang maikling buod ng iyong kaso. Ang sentrong pangrehiyon ang unang magbibigay ng panimulang pahayag nito. Pagkatapos ay ibibigay mo ang sa iyo.

### **Pagtatanong sa mga Saksi**

#### *Mga saksi ng Sentrong Pangrehiyon*

Una munang ipiprisinta ng sentrong pangrehiyon ang mga saksi nito. Maaari mong tanungin ang saksi ng sentrong pangrehiyon pagkatapos magtanong ng sentrong pangrehiyon. Tinatawag itong “cross-examination.” Dapat makatulong ang iyong mga katanungan para ipakita na ang saksi ay hindi naiintindihan ang isang bagay, nakakalimutan ang mga katotohanan, o mali. Maaari ka ring magtanong na ipinapakita na ang saksi ay may kinikilingan, binabago ang kanyang sinabi sa una, o maaaring hindi nagsasabi nang totoo. Maaari kang magtanong na magpapakita na ang saksi ng sentrong pangrehiyon ay hindi gaanong kilala ang iyong anak o hindi alam ang kalagayan ng iyong pamilya. Maaari ka ring magtanong para maipakita na ang saksi ng sentrong pangrehiyon ay gumawa ng hindi tumpak na pagpapalagay o hindi nagsasaindibidwal na paghuhusga ngunit umaasa sa isang walang pakundangan na tuntunin o patakaran para pagpasyahan ang iyong pahinga.

Makinig nang mabuti habang tumetestigo ang mga saksi ng sentrong pangrehiyon. Maaari mong mapansin ang kahinaan para banggitin pagkatapos sa panahon ng iyong cross-examination. Kung hindi, manatili sa pagtatanong sa cross-examination na iyong isinulat bago sa pagdinig. Hindi magandang ideyang magtanong kung hindi mo pa alam ang kasagutan, maliban lang kung sa palagay mo na malamang ang kasagutan ay lubos na makatutulong sa iyong argumento.

#### *Ang Sarili Mong mga Saksi*

Susunod, tatanungin mo ang sarili mong mga saksi. Tinatawag itong “direct-examination.” Dapat lamang pag-usapan ng mga saksi ang mga bagay na kanilang nagawa o nakita o narinig nila mismo. Magtanong nang maikli, simple, malinaw na mga katanungan.

Bukod sa pagpiprisinta mo ng iyong pangunahing argumento, maaari mong tanungin ang iyong mga saksi para pabulaanan ang mga bagay na sinabi ng mga saksi ng sentrong pangrehiyon. Kung hindi, manatili sa pagtatanong na iyong inihanda bago sa pagdinig. Maaari kang mag-follow-up ng mga katanungan kung hindi malinaw ang sagot ng iyong saksi.

Magkakaroon ng pagkakataon ang sentrong pangrehiyon na i-cross-examin ang iyong mga saksi. Maaari ring tanungin ng ALJ ang mga saksi. Pagkatapos ma-cross-examine ng sentrong pangrehiyon ang iyong saksi, magkakaroon ka ng pagkakataon na tunungin pa ang iyong saksi. Tinatawag itong “re-direct-examination.” Maaari mong paliwanagin o sabihin sa ibang paraan sa iyong saksi ang anumang bagay na negatibo na maaaring naangkat sa panahon ng cross-examination.

### **Pahayag ng Pagtatapos/Maikling Pangungusap ng Pagdinig**

Sa panahon ng patas na pagdinig, maaari mong matanto na wala sa ALJ ang lahat ng impormasyon para makagawa ng mabuting desisyon. Kung oo, maaari mong hilingan ang ALJ na “panatilihing nakabukas ang rekord.” Maaaring magsabi ng “oo” o “hindi” ang ALJ dito. Kung sasang-ayon ang ALJ na panatilihing nakabukas ang rekord, papayagan nito ang parehong panig na bigyan ang ALJ nang marami pang dokumento at impormasyon pagkatapos ng pagdinig.

Kadalasang manghihingi ang ALJ para sa isang pahayag ng pagtatapos sa hulihan ng patas na pagdinig para buodin ang ebidensya. Muling ibuod kung ano ang iyong iprinisinta sa patas na pagdinig at muling ipahayag ang iyong posisyon na ikaw ay karapat-dapat sa serbisyo ng pahinga. Paminsan-minsan sumasang-ayon ang parehong panig na gumawa ng nakasulat na maikling pagtatapos imbes na isang pabigkas na pahayag ng pagtatapos. Pahihintulutan ka ng opsyon na ito na isipin ang lahat ng testimonya bago mo buodin ang iyong argumento. Ang nakasulat na maikling pangungusap ng pagdinig ay dapat maibigay ang impormasyon at mga katotohanan na iyong naiprisinta at naitanghal ang batas na sumusuporta sa iyong kaso ng pahinga. Kung pananatilihing nakabukas ng ALJ ang rekord pagkatapos ng pagdinig at papayagan ang marami pang ebidensya, maaari mong isama ito sa iyong maikling pangungusap ng

pagdinig. Ang Sampol ng Maikling Pangungusap ng Pagdinig ay kasama sa Apendise D.

### **Pagkatapos ng Patas Pagdinig**

Pagkatapos ng iyong patas na pagdinig, may **10 araw na may trabaho** ang ALJ na magsulat ng desisyon. Dapat magawa ang desisyon nang hindi lalampas sa **80 araw** pagkatapos mong hilingin ang iyong apela. Ang desisyon ng ALJ ay dapat:

- Nakasulat sa simple, pang-araw-araw na wika;
- Kasama ang isang buod ng mga katotohanan;
- Kasama ang isang pahayag tungkol sa ebidensya na ginamit ng ALJ para magdesisyon;
- Kasama ang isang desisyon sa bawat isyu o katanungan na nasa kahilingan ng pagdinig at naiprisinta sa panahon ng pagdinig; at
- Ipinapahiwatig ang mga batas, regulasyon, at mga patakaran na sinusuportahan ang desisyon ng ALJ.

Kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng patas na pagdinig ng ALJ, maaari kang mag-apela sa superyor na korte ng iyong county. Dapat kang mag-apela **sa loob nang 90 araw** sa pagkakatanggap ng desisyon ng patas na pagdinig. Isa itong komplikadong proseso, at malamang ay kakailanganin mo ng isang abogado. Para sa higit na impormasyon tungkol sa prosesong ito, tingnan ang Rights Under the Lanterman Act, Kabanata 12: <https://www.disabilityrightsca.org/publications/intellectual-developmental-disabilities/rights-under-the-lanterman-act-manual-rula>

## **SEKSYON 2: Mga apendise**

### **Apendise A: Flow Chart ng Patas na Pagdinig ng Pahinga**

**Humiling ng Patas na Pagdinig kung:** (1) nagpapasya ang sentrong pangrehiyon, nang wala ang iyong pagsang-ayon, na putulin, bawasan, o baguhin ang mga serbisyo ng pahinga sa iyong IPP; (2) humiling ka ng mga serbisyo ng pahinga at tinanggihan ng sentrong pangrehiyon ang iyong kahilingan.

**Tanong 1: Kasalukuyan ka bang tumatanggap ng mga serbisyo ng pahinga na gustong putulin, bawasan, o baguhin ng sentrong pangrehiyon?**

**OO** > Ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig **sa loob nang 10 araw** sa petsa nang natanggap mo ang Notice of Action ng sentrong pangrehiyon. Magpapatuloy ang mga serbisyo ng pahinga hanggang sa mayroong pinal na administratibong desisyon. PUMUNTA SA Tanong 3

**HINDI** > Dapat mong ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig **sa loob nang 30 araw** sa petsa nang natanggap mo ang Notice of Action ng sentrong pangrehiyon. PUMUNTA SA Tanong 3

**Tanong 2: Tinanggihan ka ba ng mga serbisyo ng pahinga o dinagdagan ang mga serbisyo ng pahinga?**

**OO** > Ihain ang iyong kahilingan para sa pagdinig **sa loob nang 30 araw** sa petsa nang natanggap mo ang Notice of Action ng sentrong pangrehiyon. PUMUNTA SA Tanong 3

**Tanong 3: Gusto mo bang magkaroon ng opsyonal na hindi pormal na pulong?**

**OO** > Ang hindi pormal na pulong ay dapat ganapin **sa loob nang 10 araw** sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon sa iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung sumang-ayon ka sa isa pang petsa. Dapat kang makatanggap ng nakasulat na desisyon mula sa sentrong pangrehiyon **sa loob nang 5 araw na may trabaho** ng hindi pormal na pulong. PUMUNTA SA Tanong 4

**HINDI** > PUMUNTA SA Tanong 5 hinggil sa opsyonal na pamamagitan.

**Tanong 4: Nasiyahan ka ba sa desisyon ng sentrong pangrehiyon?**

**OO** > Sabihin sa sentrong pangrehiyon na inaatras mo ang iyong kahilingan para sa Patas na Pagdinig. Ang mga serbisyo ng pahinga na napagkasunduan sa desisyon ng iyong hindi pormal na pulong ay magsisimula **sa loob nang 10 araw** sa pagkakatanggap ng iyong pag-atras. HUWAG NANG IBAYONG MAGPATULOY

**HINDI** > PUMUNTA SA Tanong 5 hinggil sa opsyonal na pamamagitan.

**Tanong 5: Gusto mo bang magkaroon ng opsyonal na pamamagitan?**

**OO** > Tumatanggap ba ang sentrong pangrehiyon ng pamamagitan? Dapat nilang tanggapin ang pamamagitan **sa loob nang 5 araw na may trabaho**.

Kung tatanggapin ng sentrong pangrehiyon, gaganapin ang pamamagitan **sa loob nang 30 araw** sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon ng iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung aaprobahan ng OAH ang marami pang panahon. PUMUNTA SA Tanong 6

Kung **HINDI** tatanggapin ng sentrong pangrehiyon ang pamamagitan **sa loob nang 5 araw na may trabaho**, magpapatuloy ang iyong kaso sa Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Tanong 7

**HINDI** > Maaari kang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Tanong 7

**Tanong 6: Nagkasundo ba kayo sa pamamagitan?**

**OO** > Sabihin sa sentrong pangrehiyon na inaatras mo ang iyong kahilingan para sa Patas na Pagdinig. Ang mga serbisyo ng pahinga na napagkasunduan sa iyong nakasulat na desisyon ay magsisimula **sa loob nang 10 araw** sa pagkakatanggap ng iyong pag-atras. **HUWAG NANG IBAYONG MAGPATULOY**

**HINDI** > Maaari kang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig. PUMUNTA SA Tanong 7

**Tanong 7: Gusto mo bang magpatuloy sa isang Patas na Pagdinig?**

**OO** > Ang Patas na Pagdinig ay gaganapin **sa loob nang 50 araw** sa pagkakatanggap ng sentrong pangrehiyon sa iyong kahilingan para sa isang pagdinig, maliban lang kung magbibigay ang judge ng mas mahabang panahon para sa magandang dahilan.

Dapat maipalabas ang isang desisyon ng Patas na Pagdinig **sa loob nang 10 araw na may trabaho** ng huling araw ng pagdinig at **sa loob nang 80 araw** pagkatapos ng iyong inisyal na kahilingan para sa pagdinig maliban lang kung iwe-waive mo ang deadline sa pamamagitan ng paghingi para sa isang pagpapatuloy (pagpapaliban)

PUMUNTA SA Tanong 8

**HINDI** > Maaari kang umatras sa Patas na Pagdinig sa pamamagitan ng pagkontak sa OAH.

**Tanong 8: Nasiyahan ka ba sa desisyon ng Patas na Pagdinig?**

**OO** > Ibibigay ang mga serbisyo ng pahinga gaya nang napagpasyahan sa desisyon ng Patas na Pagdinig.

**HINDI** > Mayroon kang **90 araw** para maghain ng Writ of Administrative Mandamus sa superyor na korte. Maaari mong kontakin ang Disability Rights California, Office of Clients' Rights Advocacy, o isang pribadong abogado para sa tulong.

**TANDAAN:** Maaaring magpatuloy ang sentrong pangrehiyon sa isang pagputol o isang pagbabawas sa mga serbisyo ng pahinga **sa loob nang 10 araw** maliban lang kung makakukuha ang iyong abogado ng kautusan

Pahina **23** ng **44**

ng korte para ipagpatuloy ang mga serbisyo habang nagpapasya ang korte sa iyong apela.

Pahina **24** ng **44**

**Apendise B: Sampol ng Kahilingan para Palitan ang Judge**

Septyembre 23, 2018

Presiding Administrative Law Judge  
Office of Administrative Hearings  
320 W. Fourth Street, Suite 630  
Los Angeles, CA 90013

Hinggil sa: Peremptory Challenge (Pangwakas na Pagtutol)

John Doe v Regional Center  
OAH No. 201811100000  
Petsa ng Pagdinig: Setyembre 28, 2018

Minamahal na Presiding Administrative Law Judge:

Sumulat ako sa ngalan ni John Doe para hilingin na magtalaga ng ibang Judge para dinggin ang kaso sa Setyembre 28, 2018. Ang nakatalagang Judge ay si Sarah Smith. Hinihiling namin na magawa ang pagbabagong ito batay sa Title 1 ng California Code of Regulations, Section 1034 at Government Code section 11425.40. Kalakip ay ang deklarasyon ng iniutos na kailangan sa ilalim ng seksyon na iyon.

Salamat sa iyong konsiderasyon. Mangyaring kontakin ako sa (213) 555-5555 kung kinakailangan.

Gumagalang,

Jane Doe

Kalakip

cc: Sentrong Pangrehiyon



Deklarasyon ni Jane Doe

Ina ni John Doe

Ako, si Jane Doe, ay idinedeklara na:

- 1) Ako ang magulang para sa isang partido sa nakabinbin na suliranin.
- 2) Ang Judge na nakatalaga sa Pagdinig ay may pagtatangi laban sa interes ng partido para maniwala ang taong nagpapahayag na ang kanyang anak na lalaki ay hindi maaaring magkaroon ng patas at walang kinikilingang Pagdinig sa harap ng Judge na si, Sarah Smith.

Ang Deklarasyong ito ay sumasailalim sa parusa ng panunumpa nang walang katotohanan sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California at nilagdaan \_\_\_\_\_, sa \_\_\_\_\_, California.

PETSA

LUNGSOD

Gumagalang,

---

Jane Doe

**Apendise C: Sampol ng Listahan ng mga Saksi at Ebidensya ng Naghahabol**

Ang Iyong Pangalan  
Ang Address ng Iyong Kalye  
Ang Iyong Lungsod, Estado, at Zip Code  
Ang Numero ng Iyong Telepono

Awtorisadong Kinatawan para kay [Pangalan ng Kliyente ng Sentrong Pangrehiyon]

OFFICE OF ADMINISTRATIVE HEARINGS

STATE OF CALIFORNIA

Hinggil sa:

Pangalan ng Naghahabol,

Naghahabol,

at

SENTRONG PANGREHIYON,

Ahensya ng Serbisyo

Num. ng Kaso:

Petsa ng Pagdinig:

Oras ng Pagdinig:

Lugar ng Pagdinig:

Administrative Law Judge:

## LISTAHAN NG SAKSI AT EBIDENSYA NG NAGHAHABOL

### LISTAHAN NG SAKSI

- 1) Ang Pangalan at Apelyido ng saksi ay tetestigo sa [ilarawan kung ano ang tungkol sa kanilang itetestigo, bilang halimbawa mga pangangailangan ng naghahabol.]
- 2) Ang Pangalan at Apelyido ng saksi ay tetestigo sa [ilarawan kung ano ang tungkol sa kanilang itetestigo, bilang halimbawa mga pangangailangan ng miyembro ng pamilya.]

### LISTAHAN NG EBIDENSYA

- 1) Sulat ng Pagtanggi at Notice of Action (NOA) na may petsang [Ilagay ang Petsa]
- 2) Form ng Kahilingan ng Patas na Pagdinig (Fair Hearing Request Form) na may petsang [Ilagay ang Petsa]
- 3) Pangkaisipang Pagtatasa o iba pang pagtatasa na ipinapakita ang lebel ng paggawa at mga pangangailangan.
- 4) IPP na may petsa [Ilagay ang Petsa]
- 5) Deklarasyon ni [Ilagay ang Pangalan at Apelyido] na may petsang [Ilagay ang Petsa]

Iba pang Nauugnay na Dokumento:  
Mga seksyon ng Lanterman Act

**Apendise D: Sampol ng Maikling Pangungusap ng Pagdinig ng Naghahabol**

Pangalan  
Address  
Lungsod, Zip Code ng CA  
Numero ng Telepono  
Email Address

Awtorisadong Kinatawan ng Naghahabol

**SA HARAP NG TANGGAPAN NG ADMINISTRATIBO NG MGA  
PAGDINIG**

**ESTADO NG CALIFORNIA**

John Smith, ) Case No. \_\_\_\_\_  
Naghahabol, )  
 ) MAIKLING PANGUNGUSAP NG  
 ) PAGDINIG NG NAGHAHABOL  
v. )  
 )  
 )  
\_\_\_\_\_)  
SENTRONG PANGREHIYON, ) Petsa: \_\_\_\_\_  
Sumasagot. ) Oras: \_\_\_\_\_

**I. PANIMULA**

Ang naghahabol na si, John Smith (“John”), sa pamamagitan ng kanyang awtorisadong kinatawan, ay inaapela ang pagtangi ng ahensya ng serbisyo sa kanyang kahilingan para sa 40 oras ng mga serbisyo ng pahinga kada buwan. Ipakikita ni John ang kanyang pangangailangan para sa mga serbisyong ito batay sa Welf. & Inst. Code seksyon 4690.2(a)(1)-(4).

**II. PAHAYAG NG MGA KATOTOHANAN**

Si John ay 11 taong gulang. Naninirahan siya kasama ng kanyang ina, ama, mas batang kapatid na lalaki, at kapatid na babae. Gusto naming manatiling nakatira sa amin si John. Nagtatrabaho nang full time ang kanyang ama. Si John ay may autism at katamtamang kapansanan hinggil sa pag-iisip. Nililimitahan ng kapansanan ang paggawa ni John sa mga larangan ng pagsisipilyo, paghuhugas ng mukha, pagsusuklay ng buhok, paliligo, pagpapalit ng damit, at paghahanda ng mga simpleng merienda. Kumpara sa ibang batang lalake sa parehong edad na walang kapansanan, hindi malayang nagagawa ni John ang mga gawaing pangangalaga sa sarili. Kumikilos siya sa mas mababang lebel kaysa sa kanyang kapantay na kaparehong edad. Kinakailangan niya ng paulit-ulit na berbal at pisikal na mga paalala at mga dikta. Hindi niya nagagawang tapusin ang marami sa kanyang gawaing pangangalaga sa sarili. Kinakailangan ni John ng tulong sa pagsisipilyo ng mga ngipin. Kapag maliligo siya, dapat kong buksan ang tubig at itama ang temperatura, dahil hindi niya naiintindihan kung paanong kontrolin ang temperperatura ng tubig. Habang naliligo, naglalaro lamang siya, kaya kinakailangan niya nang maraming berbal at pisikal na mga pagtuturo para maglinis nang sarili. Kinakailangang niyang linisin ang kanyang buhok at katawan dahil hindi niya ito nagagawa nang mag-isa.

Dahil sa kanyang kapansanan at mga kakulangan sa pagkilos, ang tipikal na karaniwang araw para John ay ang mga sumusunod. Sa mga

araw ng eskuwela, gigising is John nang mga 6 n.u. Kinakailangan niya nang maraming paalala para gumising para sa eskuwela. Kailangan kong sabihin sa kanya na magpunta sa banyo at hilamusang ang kanyang mukha. Kailangan kong itama ang temperatura ng tubig dahil gagawin niya itong sobrang mainit o sobrang malamig. Didiktahan ko siyang sipilyuhin ang kanyang mga ngipin. Susunggaban niya ang kanyang sipilyo ngunit pipisilin nang sobra-sobra ang toothpaste at kakalat ang toothpaste sa buong banyo na dapat linisin. Paminsan-minsan hindi siya maglalagay ng toothpaste sa sipilyo, kaya pagkatapos nang maraming dikta dapat kong gawin ito para sa kanya. Sisipilyuhin lamang niya ang kanyang apat na ngipin sa harapan nang ilang segundo. Halos araw-araw, kahit na pagkatapos ng paulit-ulit na mga pagtuturo, dapat kong pisikal na sipilyuin ang kanyang mga ngipin.

Kinakailangan niya ng tulong sa pagbibihis. Hindi siya makapili ng mga damit na naaangkop para sa panahon. Hindi siya magmemedyas maliban lang kung sasabihin sa kanya. Hindi niya maitali ang kanyang sapatos, kahit na tinuruan namin siya. Hindi siya makapagbutones o makapag-zipper at kinakailangan ng tulong. Habang nagbibihis siya, kailangan niya ng paulit-ulit na mga dikta o uupo lamang siya sa kanyang higaan at hindi magbibihis.

Hindi niya magawang maghanda ng mga simpleng merienda o muling mag-init ng anumang pagkain. Sanhi sa kanyang

## Pahina 31 ng 44

mga kapansanan, hindi niya kinakain ang parehong pagkain gaya nang sa iba pang miyembro ng pamilya. Dapat akong palaging maghanda ng isang ibang bagay para sa kanya. Sinubukan ko nang turuan siyang muling mag-init ng pagkain sa microwave, ngunit hindi niya pipindutin ang mga buton o ipapasok ang oras nang tama. Nakasunog na siya ng pagkain sa microwave.

Nang wala ang tulong na ito, hindi makababangon si John, makapaghahanda para sa eskuwela at makapag-a-almusal. Ang oras na ginugugol sa pagbibigay ng tulong at mga serbisong inilarawan ay umaabot sa humigit-kumulang 7.5 na oras kada linggo sa mga araw ng eskuwela.

Ipinagmamaneho ko si John at ang kanyang kapatid na babae at lalake papunta at mula sa paaralan. Umuuwi si John nang mga 2:30 n.h. Gutom na gutom siya kapag uuwi siya galing sa paaralan. Naghahanda ako ng merienda para sa kanya at kanyang kapatid na lalake at babae. Pagkatapos ng merienda, kinakailangan ni John ng tulong para ayusin at simulan ang kanyang takdang-aralin. Tumatanggap si John ng ABA therapy para sa 1 oras araw-araw pagkatapos ng eskuwela, Lunes hanggang Biyernes. Sa panahong ito, dapat akong naroroon at makilahok. Pagkatapos ng ABA therapy, nagsisimula akong magluto ng hapunan para kay John at sa pamilya. Sa oras na ito, tinutulungan ko rin ang mgas batang kapatid na lalake at babe ni John.

Naghahapunan si John nang mga 7 n.g. Araw-araw iba ang kanyang hapunan dahil hindi siya kakain ng parehong pagkain gaya nang sa ibang miyembro ng pamilya. Ang kanyang pagkain ay dapat ding hatiin para sa kanya dahil hindi siya makagamit ng kutsilyo at tinidor. Pagkatapos ng hapunan, naglilinis ako at naghuhugas ng mga pinggan. Ang lahat ng ito ay tumatagal nang 3.0 oras kada linggo.

Sa gabi, gustong manood ng TV ni John o maglaro ng mga video game ngunit limitado lamang siya nang isang oras. Sa panahong ito, kadalasan may mga problema siya sa pakikisama sa kanyang mga kapatid. Paulit-ulit siyang nagpapalit ng mga channel sa TV o naglilipat ng mga video game o panonoorin ang parehong palabas nang paulit-ulit. Magpupumilit siya sa mga palaging ginagawa at sobrang naaaburido kapag babaguhin ng kanyang mga kapatid kung anumang ang kanyang pinapanood. Pagkatapos ng isang oras sa TV, gagala-gala siya sa paligid ng bahay na hinahawakan at sinusunggaban ang mga bagay at nagkakat. Hindi niya ibinabalik ang mga bagay na kanyang sinusunggaban. Pagkatapos manood ng TV, panahon na para maghanda sa pagtulog.

Sasabihan ko si John na manghanda nang mahiga nang 8:00 n. g. Ang paghahandang sa paghiga ay isang mahabang proseso, na kinakailangan ng maraming tulong ko. Hindi gusto ni John na maligo at isa itong hamon gabi-gabi. Hindi niya kukunin ang kanyang pajama at pupunta



sa banyo kahit na pagkatapos nang maraming dikta. Gabi-gabi siyang naliligo. Dapat ay nasa tabi niya ako at tulungan siya sa bawat hakbang. Dapat itama ang temperatura ng tubig para sa kanya. Kapag naliligo, binibigyan siya ng sunud-sunod na hakbang na pagtuturo mula sa paghuhugas ng kanyang buhok hanggang sa paghuhugas ng kanyang katawan. Hindi nahuhugasan ni John ang kanyang buhok dahil hindi niya gusto ang shampoo sa kanyang mga kamay at pipilitin niyang banlawan ito. Kapag sinubukan niyang hugasan ang kanyang buhok, hinuhugasan lamang niya ang tuktok ng kanyang ulo. Kinakailangan ni John ng kumpletong pisikal na tulong sa katapusan ng bawat paligo para makasiguro na nakapaghugas siya nang maayos. Kinakailangan niya ng paulit-ulit na direksyon para patuyuin ang kanyang katawan at isuot ang kanyang pajama.

Sa bandang 9 n. g., maaaring mahiga si John sa kanyang higaan, ngunit madalas na tatayo at susubukang maglaro ng video game o pupunta sa sala para manood ng TV. Magpapatuloy ito hanggang sa umupo ako sa tabi niya sa kanyang silid hanggang sa makatulog siya, kadalasang sa 10 n. g.

Tumatanggap si John nang 80 oras kada buwan ng mga oras ng In-Home Supportive Services (IHSS). Ito'y halos 3 oras kada araw. Ang kabuuang oras na ginugugol ko sa pagbibigay ng kinakailangang pangangalaga at superbisyon ay mga 8.5 oras. Pagkatapos bawasin ang

## Pahina 34 ng 44

mga oras ng IHSS, kinakailangan niya nang 5.5 oras ng tulong ko kada araw ng eskuwela.

Sa panahon ng Sabado't Linggo, patuloy na kakailanganin ng tulong si John sa paggising, paghahanda, at pagkain. Ang kapatid na lalake at babae ni John ay may iba't ibang aktibidad sa Sabado't Linggo. Naglalaro ng sports ang kanyang kapatid na lalake at ang kanyang kapatid na babae ay may klase ng sayaw. Inaayawan niyang pumunta sa alinman sa kanilang mga aktibidad. Kadalasan habang nasa kanilang mga kaganapan, susubukan niyang gumala o paulit-ulit na magtatanong kung kailan kami aalis. Ginagawa nitong mahirap na makilahok at panoorin ang ibang aktibidad ng aking mga anak. Labis na nagtatrabaho ang ama ni John at hindi madala ang ibang anak sa kanilang mga kaganapan.

Napakahirap dalhin ni John sa mall o tindahan. Hindi niya gusto ang matataong lugar at mag-a-alboroto at iiyak. Gumagala rin siya at madaling nababaling ang atensyon sa iba. Hindi kami makakain sa isang restaurant bilang isang pamilya dahil hindi niya gusto ang malalakas na ingay sa restaurant. Iyak siya, mag-a-alboroto, at magtatago sa ilalim ng mesa. Hindi namin magawang bumiisita sa pamilya dahil hindi gustong bumisita ni John. Hindi siya makikipaglaro sa kanyang mga pinsan. Uungol siya, iiyak, at magpipilit na umuwi. Hindi niya kakainin ang pagkaing niluto ng ibang miyembro ng pamilya at magme-make face o hindi naaangkop na mga kumentaryo. Ang Sabado't Linggo ay mas mahirap pa dahil wala siya

## Pahina 35 ng 44

sa eskuwelahan at buong araw sa bahay at hindi gustong umalis ng bahay. Sa bawat Sabado't Linggo, kinakailangan ni John nang 12 oras araw-araw para sa kanyang pangangalaga at superbisyon. Pagkatapos ibawas ang 3 oras ng IHSS, kinakailangan niya nang 9 na oras kada araw ng Sabado't Linggo.

Sanhi sa kanyang kapansanan, nagbibigay ako nang 51.5 oras sa isang tipikal na linggo para matugunan ang mga pangangailangan ni John. Ang oras na ito ay karagdagan sa lahat ng ibang kinakailang aktibidad na dapat kong gawin at ng ama ni John para panatilihin ang aming pamilya. Nagtatrabaho ang ama ni John nang 5 hanggang 6 na araw kada linggo at umuuwi nang sobrang gabi na. Ang ama ni John ang tanging pinagkukunan ng kita at dapat magpahinga kapag hindi siya nagtatrabaho. Dapat akong mangalaga kay John at kanyang mga kapatid. Dapat kong linisin ang bahay, maglaba, mag-grocery, magluto para sa pamilya, at dalhin ang iba ko pang anak sa mga aktibidad.

Kinakailangan ni John nang 40 oras bawat buwan ng isang taong nagbibigay ng pahinga sa pangangalaga para matugunan ang mga pangangailangan ng aming pamilya. Mayroong 168 oras sa isang linggo. Sa bawat karaniwang araw nagbibigay ako nang 5.5 oras para sa pangangalaga at superbisyon ni John. Sa bawat Sabado't Linggo, nagbibigay ako nang 9 na oras para sa pangangalaga at superbisyon ni

John. Binubuo ito nang 51.5 oras kada linggo, ngunit humihiling lamang ako nang 10 oras kada linggo ng pahinga sa pangangalaga.

### **III. MAKATOTOHANANG KONKLUSYON**

Bilang mga magulang ni John, dapat kaming magkaloob para sa pangangalaga at superbisyon ni John. Dapata naming matugunan ang mga pangangailangan at mapanatili ang aming buong pamilya.

### **IV. NAAANGKOP NA BATAS**

Ang Lanterman Act ay nilalayon na mabigyang kapangyarihan ang mga indibidwal na may mga kapansanan hinggil sa paglilinang at, kung naaangkop, ang kanilang mga magulang na magpasya sa lahat ng larangan ng buhay. Welfare and Institutions Code Section (WIC Sec.) 4501. Kasama sa mga pagpapasya ang mga pagkakataon para sa mga indibidwal na may mga kapansanan hinggil sa paglilinang na maipagsama sa pangunahing kalakaran ng buhay sa komunidad. *Id.* Sa probisyon ng mga serbisyo, ang mga consumer at kanilang mga pamilya, kung naaangkop, ay dapat makilahok sa mga desisyong nakaaapekto sa kanilang sariling mga buhay, kabilang ang kung saan at kung kanino sila maninirahan. *Id.* Ang mga kontribusyong ginagawa ng mga magulang paa suportahan ang kanilang mga anak na may mga kapansanan hinggil sa paglilinang ay mahalaga at ang mga kaugnayan na iyon ay dapat galangin at pagyamanin, hanggang sa pinakasukdulang hangganang magagawa,

kaya ang mga consumer at kanilang mga pamilya ay maaaring gumawa ng mga kalipunan ng suporta sa loob ng komunidad. *Id.*

Ang isa sa pinakamahalagang mga karapatan ng mga indibidwal na may mga kapansanan hinggil sa paglilinig sa California ay ang karapatan na magdesisyon sa kanilang sariling mga buhay, kabilang, kung saan at kung kanino sila maninirahan. WIC Sec. 4502(b)(10)

Ang karapatan ng mga indibidwal na may mga kapansanan hinggil sa paglilinig na magpasya sa kanilang mga sariling buhay ay kinakailangang galangin ng mga sentrong pangrehiyon ang pagpasyang ginagawa ng indibidwal o kung naangkop, ang kanilang mga magulang. WIC Sec. 4502.1

Pinagpapasyahan ng proseso ng Individual Program Plan (IPP) ang mga serbisyo na kinakailangan ng indibidwal at aawtorisahan ng sentrong pangrehiyon. WIC Sec. 4646. Dapat nakasentro ng IPP sa indibidwal at kanyang pamilya at isaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kagustuhan. WIC Sec. 4646(a). Dapat ibigay ng mga koponan ng IPP ang pinakamataas na kagustuhan sa mga serbisyo at suporta para pahintulutan ang mga indibidwal na may mga kapansanan hinggil sa paglilinig na mamuhay nang kasing malaya hangga't maaari sa komunidad. WIC Sec. 4648(a)(1).

Matatag ang Lanterman Act tungkol sa pagsuporta sa mga pamilya ng mga menor-de-edad na batang naninirahan sa bahay. Ang mga

sentrong pangrehiyon ay dapat magbigay ng mataas na prayoridad sa paglilintang at pagpapalawak ng mga serbisyo at suporta na idinisenyo para tulungan ang mga pamilya na mangalaga para sa kanilang mga anak sa bahay, kapag iyon ang mas gustong nilalayan sa IPP, at ang tulong na ito ay maaaring kasama ang pahinga para sa mga magulang. WIC Sec. 4648(a)(1). Dapat magsama ang IPP ng plano ng pamilya na inilalarawan ang mga suporta at serbisyo upang matagumpay na mapanatili ang bata sa bahay. WIC Sec. 4648(a)(2). Dapat ibigay ng koponan ng IPP ang pinakamataas na kagustuhan sa mga serbisyo at suportang iyon kung saan ay pahihintulutan ang mga batang may mga kapansanan hinggil sa paglilintang na manirahan sa kanilang mga pamilya. WIC Sec. 4648(a)(1). Dapat isaalang-alang ng mga sentrong pangrehiyon ang bawat posibleng paraan para tulungan ang mga pamilya sa pagpapanatili ng kanilang mga anak sa bahay, kapag ang paninirahan sa bahay ay magiging pinakamainam na interes ng bata. WIC Sec. 4685(c)(2).

Ang pahinga ay maaaring isama sa isang IPP batay sa isang pagpapasya ng mga kinakailangan at kagustuhan ng consumer, o kung naaangkop, ang pamilya ng consumer. WIC Sec. 4512(b).

Ang mga serbisyo ng pahinga ay idinisenyo para:

1. tulungan ang mga miyembro ng pamilya sa pagpapanatili sa consumer sa bahay;
2. Magbigay nang naaangkop na pangangalaga at superbisyon

para matiyak ang kaligtasan ng consumer sa kawalan ng mga miyembro ng pamilya;

3. Tulungan ang mga miyembro ng pamilya sa paulit-ulit na nangangailangan ng tiyaga at masusing pag-aasikaso na responsibilidad sa pangangalaga para sa consumer; at
4. Mag-asikaso sa mga pangangailangan ng pangunahing tulong sa sarili ng consumer at iba pang aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay kabilang ang pakikisalamuha, pakikihalubilo ng mga miyembro ng pamilya. WIC Sec. 4690.2(a)

## **V. ARGUMENTO**

Ang pagtangi ng sentrong pangrehiyon sa 40 oras ng pahinga kada buwan ay ipinagsasawalang-bahala ang mga pangangailangan ni John at ng kanyang pamilya at nilalabag ang Lanterman Act.

Ang pagtangi ng sentrong pangrehiyon ay isinasawalang-bahala ang mga pangangailangan ni John at ang dami ng pahinga sa pangangalaga na kinakailangan niya. Ang alok ng sentrong pangrehiyon ay hindi sapat dahil ang ama ni John at ako ay nagpupunyagi para matugunan ang sarili naming pangunahing personal, pangkabuhayan, at pisikal na mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng iba pang miyembro ng pamilya.

Ang pagtangi ng sentrong pangrehiyon ay nilalabag ang Lanterman Act dahil hindi nito kinikilala ang gusto ni John at ang kagustuhan ng kanyang pamilya na manirahan siya sa bahay. Ang pagtangi ng sentrong

pangrehiyon ay hindi nagbibigay kapanyarihan kay John at kanyang pamilya. Nang wala ang angkop na dami ng mga oras ng pahinga, ang kaugnayan at kakayahan ni John na magpatuloy na manirahan sa kanyang pamilya sa kanyang bahay ng komunidad ay nasa panganib.

Ang alok ng sentrong pangrehiyon ay hindi nagbibigay nang mataas na prayoridad sa mga serbisyo at suportang idinisenyo para tulungan ang aming pamilya sa pangangalaga kay John sa bahay. Hindi nila isinaalang-alang ang bawat posibleng paraan para tulungan ang aming pamilya sa pagpapanatili kay John sa bahay na naaalinsunod sa WIC Sec. 4685(c). Dahil sa mahalaga, paulit-ulit na pangangalaga at mga pangangailang superbisyon ni John at ang kaunting panahong natitira para sa aming sariling mga pangangailangan at iba pang responsibilidad, dapat utusan ang sentrong pangrehiyon na ibigay ang hinihiling na mga serbisyo ng pahinga sa pangangalaga.

## **VI. KONKLUSYON**

Para sa lahat ng dahilan na ito, hinihiling ni John na mautusan ang sentrong pangrehiyon na magbigay nang 40 oras ng mga serbisyo ng pahinga sa pangangalaga kada buwa na naaalinsunod sa kanya at mga pangangailangan ng kanyang pamilya at ang mga hinihingi ng Lanterman Act.



Pahina **41** ng **44**

Pinetsahan: \_\_\_\_\_ Gumagalang na Isinumite ni,

\_\_\_\_\_  
Awtorisadong Kinatawan

**Apendise E: Sampol na Form para Bawiin ang Pagdinig (Notification of Resolution Form DS1804)**

<https://www.dds.ca.gov/Forms/FairHearing/DS1804.pdf>

State of California—Health and Human Services Agency

Department of Developmental Services

**NOTIFICATION OF RESOLUTION  
DS 1804 (Rev. 1/2007)**

Name of Person for Whom Hearing was Requested ( <i>Claimant</i> ):	OAH Case Number:
Address:	Daytime Telephone Number:
Name of Authorized Representative:	Relationship to Claimant:
Address:	Daytime Telephone Number:
Name of Regional Center or State Developmental Center:	

The above referenced matter has been satisfactorily resolved through the following process: *(Please check the appropriate box):*

- Informal meeting with the regional center or state developmental center director or his/her designee.
- Mediation
- Other *(Please explain below):*

Signature of Claimant or Authorized Representative \_\_\_\_\_ Date \_\_\_\_\_

Signature of Regional Center or Developmental Center Representative \_\_\_\_\_ Date \_\_\_\_\_

**TO BE COMPLETED BY REGIONAL CENTER OR DEVELOPMENTAL CENTER STAFF WHEN UNABLE TO OBTAIN THE SIGNATURE OF THE CLAIMANT OR AUTHORIZED REPRESENTATIVE.**

I certify under penalty of perjury that I personally spoke with claimant or claimant's authorized representative and that person indicated to me that the issues identified for hearing have been resolved and the hearing is no longer necessary. A copy of this form will simultaneously be distributed to claimant and OAH.

Printed Name of Regional Center or Developmental Center Representative \_\_\_\_\_ Date \_\_\_\_\_

Signature of Regional Center or Developmental Center Representative \_\_\_\_\_ Date \_\_\_\_\_

Distribution: Office of Administrative Hearings    Regional Center/State Developmental Center    Department of Developmental Services  
Claimant

---

**INSTRUCTIONS**

1. You, or your authorized representative, may decide at any time during the fair hearing process that you no longer wish to have a fair hearing.
2. If the issue, or issues, identified in your request for a fair hearing are satisfactorily resolved, through an informal meeting or by other means, you must complete and submit this form to the regional center or state developmental center to cancel the fair hearing. If the issue or issues are resolved through mediation, you must complete and submit this form to the mediator.
3. The decision of the regional center or state developmental center, or the final resolution agreed to during mediation, as appropriate, will go into effect 10 days after receipt by the regional center, state developmental center, or mediator of this Notification of Resolution.

---

Distribution: Office of Administrative Hearing      Regional Center/State Developmental Center      Department of Developmental Services  
Claimant

Pahina **44** ng **44**

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga tagapagpondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*